# Hawai'i Ating Pangangalaga, Ating Pagpili na Batas ng Hawai'i (Our Care, Our Choice Act): Impormasyon para sa mga Residente

compassion & choices
Care and Choice at the End of Life

Ang Hawai'i ang ika-walong ngayong hurisdiksyon sa Estados Unidos na nagpahintulot ng medikal na tulong sa pagkamatay. Ang Ating Pangangalaga, Ating Pagpili na Batas (Our Care, Our Choice Act) ay nagpapahintulot sa isang may kakayahan sa pag-iisip, may terminal na sakit, may sakit na terminal na may sapat na gulang na may anim na buwan o mas maikli para mabuhay na humiling ng medikal na tulong-sa-pagkamatay na gamot mula sa kanilang manggagamot na pinili upang mamahala sa sarili, kung ang paghihirap ay hindi na matiis, upang magdulot ng mapayapang kamatayan. Ang batas ay pinirmahan ni Gobernador David Ige noong Abril 5, 2018 at magiging epektibo sa Enero 1, 2019.

## Sino ang Karapat-dapat para sa Medikal na tulong sa Pagkamatay

Upang maging karapat-dapat para sa tulong sa mamamatay sa ilalim ng ang Aming Pangangalaga, Aming Pamimili na Batas (Our Care, Our Choice Act), ang isang tao ay kailangang maging:

1. Isang may sapat na gulang
2. May terminal na sakit
3. Binigyan ng taning na anim na buwan o mas maikli upang mabuhay
4. May kakayahan sa pag-iisip upang gumawa ng kanilang sariling mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan.

Bilang karagdagan, dapat matugunan ng isang tao ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Isang residente ng Hawai'i
- Kumikilos nang kusang loob
- May kakayahan pangasiwaan sa sarili ang medikal na-tulong-sa pagkamatay na gamot.

## Mga Hakbang Para sa Paggamit ng Batas Upang Ma-akses ang Medikal na Tulong sa Pagkamatay

Bilang karagdagan sa pagtugon sa mga hinihingi, may proseso na kailangang sundin upang maging kwalipikado para sa isang reseta sa medikal na tulong-sa-namamatay na gamot.

- Ang isang tao ay dapat gumawa ng Kabuuan na tatlong (3) kusang loob na mga kahilingan —dalawang pasalita nang hindi bababa sa 20 araw ang pagitan nang direkta sa kanilang manggagamot at isang nakasulat na kahilingan gamit ang pormularyong ayon sa batas at pinirmahan

ng dalawang saksi. Ang mga kahilingang ito ay hindi maaaring gawin ng isang hinirang o ikatlong partido (kabilang ang mga kamag-anak o sinuman na may kapangyarihan ng abogado), at ang mga kahilingan ay hindi maaaring gawin sa pamamagitan ng paunang direktiba sa pangangalagang pangkalusugan.

- Dapat sumang-ayon ang dalawang manggagamot sa Hawaiʻi sa kahilingan ng karapatang gamitin ang Ating Pangangalaga, Ating Pagpili na Batas (Our Care, Our Choice Act). Isang manggagamot ang nagrereseta ng gamot , at ang isa naman ay nagbibigay ng opinyon sa konsulta.
- Ang kakayahang pangkaisipan ng isang pasyente ay dapat ding kumpirmahin ng isang saykayatriko, sikologo o lisensiyadong klinikal na manggagawang panlipunan (clinical social worker). Ang pagsusuri na ito ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng telehealth (sa pamamagitan ng telepono o video).
- Ang isang tao ay kailangang magbigay ng katibayan ng paninirahan sa estado ng Hawaiʻi sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:
  - Pag-aari ng lisensiya sa pagmamaneho o iba pang pagkakakilanlan na inisyu ng estado ng Hawaiʻi
  - Rehistrasyon para bumoto sa Hawaiʻi
  - Katunayan ng pag-aari o pag-upa ng ari-arian sa Hawaiʻi, o
  - Pagsusumite ng tax return sa Hawaiʻi para sa pinaka-kamakailang taon ng buwis.
- Ang isang tao ay dapat **magbigay ng lubos na may kaalamang pahintulot pagkatapos na mabigyan** ng impormasyon ng kanilang doktor tungkol sa lahat ng ibang mga pagpipilian sa pagtatapos-ng-buhay.
- **Kailangan ding kumpletuhin ng mga kwalipikadong pasyente na ayon sa batas na Huling Pagpapatunay na pormularyo** sa loob ng 48 oras bago inumin ang tulong sa kamatayan na gamot, na ulitin ang intensiyon na kunin ang gamot.

**Nota**: Maaaring bawiin ng isang tao sa anumang oras ang kahilingan para sa tulong-sa-pagkamatay na gamot o magpasiya na hindi lunukin ang gamot.

## Mga Alituntunin Tungkol sa mga Saksi sa Kahilingan para sa Medikal na Tulong-sa-Pagkamatay

Dalawang saksi ang kailangang pumirma ng pormularyong ayon sa batas ng nakasulat na kahilingan sa harapan ng taong humihiling ng medikal na tulong-sa-pagkamatay na gamot. Ang pormularyong ito ay makukuha sa website ng Departamento ng Kalusugan ng Estado, o maaari mo itong makita sa www.CompassionandChoices.org/Hawaii.

Hinihingi ng batas na:

- Patunayan ng dalawang may sapat na gulang na saksi na, sa pinakamahusay

nilang kaalaman at paniniwala, ang taong humihiling ng gamot:

- Ay mukhang nasa tamang pag-iisip at hindi nasa ilalim ng pamimilit, panghuhuwad o sobrang impluwensiya.
- Kusang loob na pinirmahan ang kahilingan sa kanilang harapan

- Isa lamang sa dalawang saksi ang maaaring maging kaugnay sa dugo, kasal, o pag-ampon; o maging isang taong may karapatan sa bahagi ng ari-arian ng tao pagkamatay.
- Isa lamang sa dalawang saksi ang maaaring mag-ari, magpatakbo o maging empleyado sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan kung saan ang kwalipikadong indibidwal ay tumatanggap ng medikal na paggamot o naninirahan.
- Ang dumadalong manggagamot, kinokonsultahang manggagamot o espesyalista ng pangkaisipang kalusugan ay HINDI maaaring maging isa sa mga saksi.

## Walang  Masamang Epekto sa Testamento o Seguro ng Tao

Ang batas ay tiyaking nag-utos na ang mga testamento, seguro, mga kontrata at mga annuity ay hindi maaapektuhan kung ang isang kwalipikadong indibidwal ay humihiling o uminom ng medikal na tulong-sa-pagkamatay na gamot. Ang pinagbatayang sakit ay nakalista bilang sanhi ng kamatayan sa sertipiko ng kamatayan. Tinutukoy ng batas na ang isang kamatayan na nagresulta mula sa sariling pangangasiwa ng medikal na tulong-sa-mamamatay ay hindi pagpapakamatay.

## Pakikipag-uusap sa Iyong Manggagamot Tungkol sa Medikal na Tulong sa Pagkamatay

Magtanong sa iyong mga manggagamot ngayon kung susuportahan nila ang iyong pagpipilian sa pagtatapos-ng-buhay, kabilang na ang medikal na tulong sa pagkamatay. Maghihimok ito sa kanila na makinig sa iyong mga prayoridad at maging handa na magbigay sa iyo ng pangangalaga na gusto mo sa hinaharap. Kung ang iyong mga tagapagbigay ng medikal ay hindi kaya o hindi handang suportahan ang iyong pagpili ng pagtatapos-ng-buhay, may pagpipilian kang palitan ang iyong pangkat ng pangangalagang pangkalusugan na unahin ang iyong mga kagustuhan.

Ang mga doktor ay maaaring tumawag sa Compassion & Choices Doc2Doc na linya ng konsultasyon sa 800-247-7421 para sa isang libre, kumpidensiyal na konsultasyon at

impormasyon tungkol sa pag-aalaga ng pagtatapos ng buhay sa mga medikal na direktor na may malawak na karanasan sa medikal na tulong-sa-pagkamatay.

## Mas Higit na Alamin

Maaari kang makahanap ng mga pormularyo, mga video at mga mapagkukunan para sa mga pasyente at mga manggagamot sa CompassionAndChoices.org/hawaii o maaari kang mag-email sa Hawaii@compassionandchoices.org.